

Sa mga Misang hindi dinadaluhan ng bayan, may paggunita kay San Nicodemo, Martir:

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

PURIFICENT nos, Dómine, sacraménta quæ súmpsimus: et, intercedénte beáto Nicoméde Mártire tuo, a cunctis efficiant vitiis absolútos. Per Dóminum.

PAKALINISIN nawa kami, O Panginoon, nitong sakramento na aming tinanggap: at sa pamamagitan ni San Nicomedes na Iyong martir, nawa'y kalagan kami sa aming mga pagsuway. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Hermandad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Setyembre 15

ANG PITONG HAPIS NG BIRHENG MARIA
(Nuestra Señora de los Dolores)

Paggunita kay San Nicodemo, Martir



Misa "Stabant iuxta"
II cl. • Doble mayor • Puti

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Jn 19:25

STABANT juxta Crucem Jesu Mater ejus, et soror Matris ejus, María Cléophæ, et Salóme et María Magdaléne. — *Jn 19:26-27* Múlier, ecce filius tuus: dixit Jesus; ad discípulum autem: Ecce Mater tua. *V. Gloria Patri.* Stabant.

NAKATAYO doon sa tabi ng krus ni Jesus ang kanyang ina, at ang kapatid ng kanyang ina, si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena.— *Jn 19:26-27* Babae, narito ang iyong anak: sabi ni Jesus sa kaniyang alagad: “Narito ang iyong Ina!” *V. Luwalhati sa Ama.* — Nakatayo...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, in cuius passióne, secúndum Simeónis prophetíam, dulcíssimam ánimam gloriósæ Vírginis et Matris Mariæ dolóris gladius pertransívit: concéde propítius; ut, qui dolores venerándo recólimus passiónis tuæ efféctum felicem consequámur: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

O DIOS, sa iyong pagpapakasakit, ayon sa inihula ni propeta Simeon, ay tatarakan ng balaraw ang katamis-tamisang kaluluwa ni Santa Maria na Iyong maluwalhating Biheng Ina: matang-mahabagin Mo ang tanang namimintuho at gumugunita sa kaniyang kaluluwang tinigib ng hapis, at pagindapatin Mo kaming makamit ang makalangit na bunga ng Iyong mahal na pagpapakasakit: sapagka't Ikaw ay nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

Sa mga Misang hindi dinadaluhan ng bayan, may paggunita kay San Nicodemo, Martir:

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

ADESTO, Dómine, pópulo tuo: ut, beáti Nicomédis Mártyris tui mérita præclára suscípiens, ad impetrándam misericórdiam tuam semper eius patrocínii adiuvétur. Per Dóminum.

LINGAPIN Mo ang iyong bayan, O Panginoon, upang kaming ipinagdiriwang ang kabanalan ni San Nicomedes na Iyong Martir, makamtan nawa namin ang iyong habag pakundangan sa kaniyang pakiki-usap para sa amin. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PAGBASA • Jd 13:22-25

Pagbasa mula sa Aklat ni Judith.

PINAGPALA ka ng Poong Dios sa kaniyang kapangyarihan, at sa pamamagitan mo'y nalupig ang lahat nating mga kaaway. Higit kang pinagpala kaysa lahat ng babae sa lupa. Purihin ang Panginoon, ang Diyos na lumalang sa langit at lupa: pagkat ngayong araw ay dinakila Niyang lubos ang iyong ngalan, at ang papuri sa iyo'y hindi na lilisan sa labi ng mga tao. Hindi na mapaparam sa isip ng mga tao habang ginugunita nila ang kapangyarihan ng Diyos. Inilagay mo sa panganib ang iyong buhay alang-alang sa ating bayan nang ito'y nabibingit sa malaking kahihyan, at hindi mo hinayaan ang pagkawasak ng bayan sa harap ng ating Dios. — **R. Salamat sa Dios.**

Quæ et Unigénitum tuum Sancti Spíritus obumbratióne concépit, et, virginitátis glória permanénte, lumen ætérnum mundo effúdit, Iesum Christiúm Dóminum nostrum.

Per quem maieštátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítte iúbeas, deprecámur, súpplíci confessióne dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

Sapagkat ipinaglihi niya ang Anak mong Bugtong, lalang ng Espiritu Santo at di nawala ang kanyang pagkabirhen nang isilang Siya, ang aming Panginoong Hesukristo, liwanag na walang hanggan ng daigdig.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Ang mga hukbo ng langit at ang mga Virtud at ang mga pinagpalang Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

ANTIPONA SA KOMUNYON

FELICES sensus beátæ Mariæ Vírginis, qui sine morte meruérunt martýrii palmam sub Cruce Dómini.

MAPALAD ang puso ng mahal na Biheng Maria, pagkat hindi niya naranasan ang kamatayan ay nagkamit siya ng palaspas ng pagka-martir sa paanan ng Krus ng Panginoong Jesus.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SACRIFICIA quæ súmpsimus, Dómine Jesu Christe, Transfixiónem Matris tuæ et Vírginis devóte celebrántes: nobis ímpetrent apud cleméntiam tuam omnis boni salutáris efféctum: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

ANG BANAL NA PAGHAHAIN na naming tinanggap, O Panginoong Jesucristo, ay tumalab nawa sa aming mga kaluluwa pakundangan sa iyong kagandahang-loob, habang aming ginugunita ang pusong tigib ng hapis ng Biheng Maria na Iyong ina. Sapagka't Ikaw ay nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

OFFÉRIMUS tibi preces et hóstias, Dómine Jesu Christe, humiliter supplicántes: ut, qui Transfixiónem dulcíssimi spíritus beátæ Maríæ, Matris tuæ, præcibus recensémus; suo suorúmque sub Cruce Sanctórum consórtium multiplicáto piíssimo intervéntu, méritis mortis tuæ, méritum cum beátis habeámus: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

O PANGINOONG JESUCRISTO, iniaalay namin sa Iyo ang haing ito kalakip ang aming mga pagsusumamo, at pakumbabang dumudulog sa Iyo, upang sa pagpitagan namin at pamimintuho sa katamis-tamisang kaluluwa ni Santa Maria na Iyong ina na tinigib ng hapis, at pakundangan sa mga nakamit ng Iyong kamatayan sa Krus at sa walang sawang pagdalangin ng Iyong ina at kaniyang mga banal na kasamahan sa paanan ng Krus, nawa'y marapat kaming makibahagi sa gantimpala ng mga tapat sa Iyo: sapagka't ikaw ang naghahari at nabubuhay kasama ng Dios Ama...

Sa mga Misang hindi dinadaluhan ng bayan, may paggunita kay San Nicodemo, Martir:

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SÚSCIPE, Dómine, múnera propítius obláta: quæ maiestáti tuæ beáti Nicomédis Mátyris comméndet orátio. Per Dóminum

TANGGAPIN mo, O Panginoon, ang aming alay sa Iyo: at sa panalangin ni ni San Nicomedes na iyong Martir, nawa'y kaluguran ito ng Iyong kamahalan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG MAHAL NA BIRHENG MARIA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus: Et te in *Transfixione* beátæ Maríæ semper Vírginis collaudáre, benedícere et prædicáre.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Panginoong Dios na makapangyarihan at walang-hanggan: At sa araw na ito ng *pista ng pagtatarak ng puso* ni Santa Mariang laging Birhen ay nagpupuri, sumasamba, at nagbubunyi sa iyo.

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL)

DOLOROSA et lacrimábilis es, Virgo María, stans juxta Crucem Dómini Jesu, Fílii tui, Redemptóris.

NAHAHAPIS ka't tigib ng luha't nagdaralita, O Birheng Maria, habang ikaw ay nakatayo sa paanan ng krus ng Panginoong Jesus na iyong Anak at Manunubos ng tanan.

V. Virgo Dei Génitrix, quem totus non capit orbis, hoc crucis fert supplícium, auctor vitæ factus homo.

V. O Birheng Ina ng Dios, Siyang hindi kayang matalos nitong sandaigdigan, ang sumakop sa kaparusahan nitong mahal na Krus: Siya ang maylika ng buhay na nagkatawang-tao.

Allelúia, allelúia. *V.* Stabat sancta María, coeli Regína et mundi Dómina, juxta Crucem Dómini nostri Jesu Christi dolorósa. **Allelúia.**

Aleluya, aleluya. *V.* Si Santa Maria, Reyna ng Langit at Ginang nitong sandaigdigan, lumuluhang tumindig sa paanan ng Krus ng ating Panginoong Jesucristo. **Aleluya.**

SEQUENCIA (AWITING-DUGTUNGAN) • *Stabat Mater*

Pagsasalin ni Msgr. Jose D. Abriol, D.P. at Isinaayos ng Samahan na ito.

Sa krus na kaniyang tipan
Nakatayo ang Inang luhaan
Upang hanggang wakas si Hesus ay samahan.

Stabat Mater dolorósa
Juxta Crucem lacrimósa,
Dum pendébat Filius.

Sa puso niya sa lungkot karamay
Lahat ng mapait na pighating taglay
Ngayo'y dumaan na ang espadang alay.

Cujus ánimam geméntem,
Contristátam et doléntem
Pertransívit gládius.

O kay lungkot at kay hapis
Ang Inang pinagpala ng labis
Ng nag-úsang isinilang ng langit.

O quam tristis et afflícta
Fuit illa benedícta
Mater Unigéniti!

Si Cristo'y sa dusa'y nakabitay
Pinagmamasdan ng Inang tunay
Ang maluwalhating anak na agaw-buhay.

Quæ mærébat et dolébat,
Pia Mater, dum vidébat
Nati pœnas incliti.

Mayroon bang 'di napaluha
Ang mahal na Ina ni Cristo'y makita
Puspos ng matinding dusa.

Quis est homo, qui non fleret,
Matrem Christi si vidéret
In tanto supplício?

Maari bang ang puso'y tumanggi
sa pagdurusa'y makihati
Sa Inang labis ang dalamhati.

Buong giliw ng Inang pinagmasdan
Ang Anak na bugbog at duguan
Puno ng pasa at dungisan.

Para sa kasalanan ng Kaniyang bayan
masdan Siyang nag-iisang nakabitay
Hanggang ang Kaniyang diwa ay lumisan.

O Inang bukal ng pagmamahal
ang diwa ko'y dampian mula sa langit
Gawing ang puso ko'y iyong katwangis.

Sana'y sa pag-ibig ni Cristo
mag-alab at matunaw ang puso ko
At maramdaman ang damdamin ninyo.

Banal na Ina ako'y duruin
Sa aking puso'y papanumbalikin
Ang bawat sugat ng Manunubos aking hiling.

Na sa iyo'y ibahagi ako ay hayan
dahil sa akin siya ay pinaslang
At dahil sa ating kasalanan.

Sa Kaniya ako'y nalulumbay
Ang dalamhati ko habam-buhay
Paghaluin ang luha natin at ialay.

Sa krus tayo ay mamalagi
Upang doo'y magdasal at manangis
Tanging hiling ko na iyong iwangis.

O Birheng sakdal-dalisay,
dinggin aking kahilingan,
samahan ka sa 'Yong lumbay.

Eja, Mater, fons amóris,
Me sentíre vim dolóris
Fac, ut tecum lúgeam.

Vidit suum dulcem
Natum Moriéndo
desolátum,
Dum emísit spíritum.

Pro peccátis suæ gentis
Vidit Jesum in torméntis
Et flagéllis súbditum.

Quis non posset contristári,
Christi Matrem contemplári
Doléntem cum Filio?

Fac, ut árdeat cor meum
In amándo Christum Deum,
Ut sibi compláceam.

Sancta Mater, istud agas,
Crucifíxi fige plagas
Cordi meo válida.

Tui Nati vulneráti,
tam dignáti pro me pati,
pœnas mecum dívide.

Fac me tecum pie flere,
crucifíxo condólere,
donec ego víxero.

Juxta Crucem tecum stare,
et me tibi sociáre
in planctu desídero.

Virgo vírginum præclára,
mihi iam non sis amára,
fac me tecum plángere.

Hanggang sa aking pagpanaw
talusin kong buong tunay
sugat Niya't kamatayan.

Batahin ko ang 'Yong sugat
at lukuban Niyang lubusan
ng Dugo Mong dumanak.

O Birhen ako'y damayan
sa impyerno ako'y 'yong iadya,
at sa paghuhukom na darating.

O Jesus, sa 'Yong pagtawag
kalingain ako ng Iyong Ina
sa Ligaya ng Langit.

Dito, ang katawan ko'y maagnas
Sa paraiso kasama Ka'y ligtas
Ang kabutihan Mo'y papurihan. Amen.

EBANGHELYO • Jn 19:25-27

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHOONG IYON: Nakatayo sa tabi ng krus ni Jesus ang kanyang ina at ang kapatid nitong babae, si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena. Nang makita ni Jesus ang kanyang ina at ang minamahal niyang alagad na nasa tabi nito, sinabi niya, “Babae, narito ang iyong anak!” At sinabi niya sa alagad, “Narito ang iyong ina!” Mula noon, kinupkop ng alagad na ito sa kanyang bahay ang ina ni Jesus. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May** Credo **o** Sumasampalataya.

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Jer 18:20

RECORDARE Virgo Mater, in conspéctu Dei, ut loquáris pro nobis bona, et ut avértat indignatiónem suam a nobis.

ALALAHANIN MO, O Inang Birhen, siyang nakatayo sa harapan ng Diyos, na magsalita para sa aming kapakanan, at ilayo ang galit Niya mula sa amin.

Fac ut portem Christi mortem,
passiõnis fac consórtem,
et plagas recólere.

Fac me plagis vulnerári,
fac me Cruce inebriári,
et cruóre Filii.

Flammis ne urar succénsus,
per te, Virgo, sim defénsus
in die iudícii.

Christe, cum sit hinc exire,
da per Matrem me veníre
ad palmam victóriæ.

Quando corpus moriétur,
fac, ut ánimæ donétur
paradísi glória. Amen.